EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MOSCOW, RUSSIAN FEDERATION

3 April 2017, 4:30 ng hapon

# PAUNAWA

Mga Minamahal na Kababayan,

Ngayon-ngayon lang ay nagkaroon ng isang pagsabog sa Metro sa St. Petersburg, Russia. Ayon po sa unang mga ulat, sampung (10) katao ang patay at nasa limampu (50) ang sugatan. Nakikiramay ang Embahada sa mga pamilya ng mga nasawi at umaasa na mabilis na gagaling ang mga sugatan.

Kasalukuyan pong nakikipag-ugnayan ang Embahada sa Ministry of Emergency Situations (EMERCOM) ng Russia pati na rin sa ating Honorary Consulate sa St. Petersburg para sa kumpirmadong mga detalye. Kausap din namin ang ilang Kababayan sa St. Petersburg.

Sa ngayon, wala pang balita na may Pilipinong nabibilang sa mga biktima.

Nais po naming abisuhan ang mga Kababayan na mag-ingat nang lubos at iwasan ang hindi kinakailangang paglabas.

Maaasahan niyo po ang tulong ng Embahada ukol dito sa anumang oras. Maaari niyo po kaming maabot sa +7 499 241 0563, +7 906 738 2538, moscow.pe@dfa.gov.ph o sa https://www.facebook.com/moscowpe (Philembassy Moscow).

Sumasainyo,

**CARLOS D. SORRETA**
*Ambassador*

Karmanitsky Pereulok 6/8, 121099 Moscow, Russian Federation
Tel no. +7 (499) 241-05-63 / Fax: +7 (499) 241-26-30